# Suri-Politikal: Mga Ideolohiyang Politikal ng Kaliwang Panel ng Obrang Filipino Struggles Through History ni Botong

Cristy Allen L. Serote
De La Salle University/ Maryhill College, Inc.
cristy_serote@dlsu.edu.ph
cristyserote@maryhillcollege.edu.ph

## Abstrak

Wala mang eksaktong retratong nakuha sa bawat tagpo ng kasaysayan, matagumpay naman itong naipakita ng isang sining tulad na lamang ng sikat na muralyang "*Filipino Struggles Through History*." Ang pintang *Filipino Struggles Through History* ng bantog na pintor na si Carlos "Botong" Francisco ay binubuo ng apat na panel kung saan ang bawat panel ay naglalaman ng mga tagpo sa kasaysayan mula sa iba't ibang panahon. Mula sa apat na panel, sinuri ng mananaliksik ang kaliwang panel na pumaksa sa danas at lagay ng bansa mula sa panahon ng pre-kolonyal hanggang sa gitnang bahagi ng ika-19 na siglong pananakop ng mga Espanyol. Ginamit ng mananaliksik ang semyolohiya ni Barthes at ideolohikong ispektrum ni Hans Slomp na iminodipika at mas pinalalim ni F.P.A. Demeterio sa pagsuri ng ideolohiyang politikal ng kaliwang panel. Natukoy sa naging pagsusuri ang iba't ibang signos at simbolo na sumalamin sa realidad ng lipunan sa bawat panahon. Lumabas din sa pag-aaral na ang dominanteng ideolohiya ng mga seksyon sa kaliwang panel ay moderado. Kung ang nais ni Botong ay ilapit ang kanyang sining partikular ang kasaysayan sa mga ordinaryong Pilipino, mahalagang makita ang mga ideolohiyang politikal sapagkat ito'y daan sa malalim na pag-unawa sa kasaysayan at gabay sa mataas na pagpapahalaga sa identidad bilang isang Pilipino.

Mga Susing-salita: Filipino Struggles Through History, F.P.A. Demeterio, Hans Slomp, Ideolohiyang Politikal, Roland Barthes

MABINI REVIEW | Vol. XII (2023): pages 209-232
© 2023 Serote, C.A.L. | ISSN 2012-2144

## Abstract

Even without an exact photograph taken from every scene of history, it was still successfully displayed by art like the famous mural, *"Filipino Struggles Through History." The Filipino Struggles Through History* by renowned artist Carlos "Botong" Francisco, is composed of four panels and each panel contains historical scenes from different periods. From the four panels, the researchers analyzed the left panel focusing on the experience and situation of the country from the pre-colonial period to the central part of the 19th-century Spanish conquest. The researchers used Barthes' semiology and Hans Slomp's political ideology which was modified by F.P.A Demetrio in analyzing the political ideology of the left panel. Through the study, it was identified that a variety of signs and symbols reflect the reality of society at a time. The study also found that the dominant ideology of sections on the left panel was moderate. If Botong wants to bring his art specifically to ordinary Filipinos, it is important to see political ideology because it allows a deep understanding of history and a guide to a high regard for identity as Filipinos.



Keywords: Filipino Struggles Through History, F.P.A. Demeterio, Hans Slomp, Political Ideology, Roland Barthes


## INTRODUKSIYON

Isa sa mga agaw-pansing pintang makikita sa Pambansang Museo ng Pilipinas ang obra ni Carlos Botong Francisco na, *"Filipino Struggles Through History."* Ito ay ipinagawa ng dating mayor na si Arsenio Lacson para sa pagkilala sa ikalabingwalong anibersaryo ng Manila City Hall kung saan ito ay nailagak sa Bulwagang Katipunan. Ngunit sa paglipas ng panahon, inilipat ito sa Senate Hall ng Pambansang Museo ng Pilipinas dahil mas may kapasidad ang lugar na pangalagaan ang obra. Ang *Filipino Struggles Through History* ay huling likhang-sining ni Botong, gayundin isa sa pinakamahaba at pinakamahusay na muralyang kanyang nabuo noong 1964. Kung masisilayan ang likhang-sining sa Bulwagang Katipunan, ito ay binubuo ng apat na panel na nakapalibot sa buong silid. Sa binuong *floor plan* ni Demeterio sa Bulwagang Katipunan, mapapansing ang unang bubungad sa mga bumibisita ay ang bahagi ng panel na nagpapakilala sa mga dating naging mayor ng Maynila kung saan para sa mga eksperto ay hindi dapat maging bahagi ng komposisyon. Mapapatunayan ito sa mga ilang limbag na

materyal na may kopya ng pinta, tanging ang tatlong panel lamang ang nabibigyang pagkilala. Kung kaya't nang nailipat ang muralya sa Pambansang Museo, ang bahaging ito'y inihiwalay at inilagay sa Vicente at Carmen Fabella Hall (Gallery XIII) habang ang natitirang mga panel ay inilugar sa Senate Hall. Sinasalamin ng tatlong panel ang mga pangyayari mula sa iba't ibang panahon sa kasaysayan. Ito ay nagsasalaysay nang naging karanasan ng bansa mula sa pre-kolonyal hanggang sa deklarasyon ng kalayaan sa pagitan ng kolonisasyong Amerikano. Ginamit ni Botong ang estilong collage sa komposisyon ng bawat panel-markadong estilo niya sa kanyang pagpipinta.

Sa pagtatantya ni Demeterio (2013) sa sukat ng muralya sa kanyang pananaliksik, ang kanang panel at kaliwang panel ay magkasukat. Sa aproksimasyon ng isang panel, ito ay nasa 2.71 na metro hanggang 20.00 na metro habang ang gitnang panel ay umaabot ng 2.71 na metro hanggang 8.70 na metro. Sa pagsipat sa obra ni Botong, mapapansing ito'y nasa dayokronikong pamamaraang na maihahalintulad sa pagbabasa ng isang teksto. Ang dayakronikong pamamaraan ay akma sa muralya sapagkat kasaysayan ang pinapaksa nito. Mababatid sa kaliwang panel, ang kalagayan ng mga Pilipino simula pre-kolonyal hanggang gitnang bahagi ng ika-19 na siglo kung saan sinasalaysay nito ang pagsisimula ng pananakop ng mga Kastila sa kalakhan ng Maynila. Sa pagpapatuloy sa gitnang panel, naipakita ang mga pangyayari sa huling bahagi ng ika-19 na siglo-sinasalamin nito ang mitsa ng pagsisimula ng rebolusyon ng mga Pilipino sa pamamahala ng Espanyol. Naipakita naman ng kanang panel ang mga tagpo sa pagsisimula ng mga kapisanan sa rebolusyon hanggang sa unang deklarasyon ng kalayaan sa Pilipinas.

Masasabing mahusay na naisabuhay ng *Filipino Struggles Through History* ang iba't ibang danas ng mga Pilipino sa bawat panahong kinabibilangan nito. Ipinakita ni Botong ang kanyang naging konsepto sa paglikha ng nasabing obra lalo higit ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa ginuguhit na kasaysayan. Ang pampublikong muralyang ito ay nagsisilbing tanda ng kasaysayan at kultura ng isang lipunan. Naisatinig ng muralyang ito ang iba't ibang isyung panlipunan na lumitaw sa iba't ibang panahon. Nabatid rin ang kakayahang maging midyum ng panlipunang dayalogo sapagkat nahihikayat nitong buksan ang mata ng madla upang matunghayan ang iba't ibang isyu at daing ng lipunan. Dagdag ni Guillermo sa papel ni Saul, "Malaking papel

ang ginagampanan ng kondisyon ng isang partikular na lipunan sa paghubog sa kontekstong makikita sa likhang sining." Ang mga pintura tulad ng isang mural ay maitututring na "sining na may tinig" sapagkat ito ay naglalahad ng mga kontemporaryong isyu at alalahanin na may malalim na epekto sa mga indibidwal ng lipunan. Binigyang diin din ni Guillermo na hindi lamang basta 'bagay' o palamuti ang sining kundi ginagamit itong tagalahad ng iba't ibang kahulugan ng iba't ibang imahe. (Lotman sa Guillermo sa Flores) Kung iuugnay sa itaas, hindi nga lang basta kagandahan ang hatid ng sining kundi nagsisilbi itong "tinig" o "tagalahad" ng mas malalim na pakahulugan – maaaring mensahe o pagsasalamin ng kalagayan ng lipunan – na sa lagay ng *FilipinoStruggles Through History* ay paglalahad ng kasaysayan ng bansa sa loob ng iba't ibang panahon.

Bakas sa muralya ang malawak na pananaliksik ng pintor sa kasaysayan gayundin ang sariling pananaw sa mga naganap sa kasaysayan. Kung kaya naniniwala ang may-akda na nangangailangan ng kritikal na pagbasa ang mga ganitong likhang-sining dahil may mga mensahe at tema itong nais palitawin. Maipapakita sa kritikal na pagsusuri ang detalyadong pagpapakahulugan sa bawat pinta gayundin ang mga imaheng napili upang ipakita ito. Ang pagbibigay ng kritikal na pagsusuri sa sining ay tulay sa mas malalim na pagpapahalaga sa isang obra sapagkat narito ang pagsubok na unawain ang naging konsepto at konteskto ng isang pintor sa kanyang pagbuo. Higit sa lahat, ang pagsusuring isasagawa ng may-akda ay susi sa pagkakaroon ng mas malalim na kabatiran sa kasayayan gayundin sandata laban sa mga patuloy na rumerebisa nito. Ito ang ilang mga pinananiniwalaan ng mananaliksik na nagtulak sa kanya upang isagawa ang nasabing pag-aaral.

Bagaman nabanggit na ito ay binubuo ng apat na panel, tanging ang kaliwang panel lamang ang bibigyang pokus ng mananaliksik. Gagamiting batayan ng mananaliksik ang papel ni Demeterio na *"Looking at Botong Francisco from the Horizon of Diego Rivera: A Visual Dialogue between Two Modern Muralist*" sa pagkokonsepto ng mga naging tema sa panel para sa mas maayos na daloy ng pagsusuri. Ayon sa kanyang pagmamapa, nasipat ang 16 na seksyon o tema sa pokus na panel. Ang mga seksyong ito ang magiging gabay ng mananaliksik sa pagtukoy ng namamayaning ideolohiyang politikal ng panel. Bukod pa rito, gagamiting batayan rin ng mananaliksik ang x at y axis na

ideolohikong ispektrum ni Hans Slomp na iminodipika at mas pinalalim ni F.P.A. Demeterio, upang tignan ang mga muralya sa Hermeneutikong lente. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, tutukuyin ng mananaliksik kung saan pumapailalim ang mga pinta sa walong politikal na ideolohiya na: (1) libertaryanismong radikal, (2) awtoritarismong radikal, (3) libertaryanismong liberal, (4) awtoritarismong liberal, (5) moderate, (6) konserbatibong libertaryanismo, (7) konserbatibong awtoritarismo, at (8) reaksiyonaryo. Palalabasin ng pagsusuring ito kung ano ang litaw na kaisipan sa bawat panahon. Maliban sa hermeneutikong lente, sisipatin din ng mga mananaliksik ang mga nakatagong mito sa likod ng mga pinta sa pamamagitan ng semyolohiya ni Barthes. Sa pamamagitan ng dalawang kaisipan, mapapalabas ng mga may-akda ang ideolohikal na pagkiling pati na rin ang mga mitong tinataglay nito.

## 1.1. **Suliranin**

Nilalayon ng papel na talakayin ang mga ideolohiyang politikal na nilalaman ng mga seksyon sa kaliwang panel ng obrang *Filipino Struggles Through History* na pumapaksa sa pre-kolonyal hanggang sa gitnang bahagi ng ika-19 na siglo ng pananakop ng Kastila sa Pilipinas. Nilalayon ding suriin at ipaliwanag ang mga mitong taglay ng bawat seksyon sa kaliwang panel batay sa panahong kinabibilangan nito. Ninanais din ng papel na maipakita ang naging paghahambing ng mga ideolohiyang politikal sa bawat seksyon at magkaroon ng diskyuson sa pagitan ng padron ng kanilang pagkakatulad at pagkakaiba.

## 1.2. **Kahalagahan**

Mahalagang suriin ang obrang Filipino Struggles Through History ni Botong sapagkat ito'y nagtataglay ng mga paksang magsisilbing daan sa pagmutawi sa kasalukuyang kalagayan. Tinataglay ng pinta ang mga usapin tungkol sa kolonyalismo, relihiyon, pang-aabuso sa karapatang pantao, rebolusyon, demokrasya, at marami pang iba na maituturing na mahahalagang paksa sa malalim na pag-unawa sa kasaysayan ng bansa.

Nabatid ang kakayahan ng muralya na magsilbing midyum sa malalim na pag-iisip at pagsusuri ng isang indibiduwal upang mapagnilayan nang husto ang implikasyon ng kasaysayan sa nakaraan patungo sa kinabukasan. Sa isang lipunang tila nakakalimot, ang

obrang ito ay tagapagpaalala at tagapaghimok upang magpakilos at maging impormatibo sa naging danas ng sariling bansa. Ang pagtukoy sa mga ideolohiyang politikal ng isang pinta ay isang pamamamaraan sa malalim na pagsuusri.

Matatandaang ang obrang binuo ni Botong ay kinomisyon ng dating Mayor na si Arsenio Lacson para sa pagkilala ng kasaysayan ng Manila. Masasabing isa si Botong sa pinakamahusay sa paglikha ng mga ganitong uri ng pinta kung kaya hindi kata-takang sa kanya ipinagkatiwala ang nasabing proyekto. Sa hindi mabilang na mga historikal na pinta ni Botong, masasabing isa siyang mahusay na mananaliksik dahil sa maingat at angkop na detalyeng nilalaman ng kanyang mga pinta. Hindi lamang sa pagkakaroon ng akmang detalye, kinilala rin siya sa pagkaroon ng mataas na konsiderasyon sa kanyang madla sapagkat gusto niyang ilapit ang kanyang sining sa mga ordinaryong Pilipino. Bagaman, nilinaw niya na tumataliwas siya sa mga isyu at ugnayang politikal ay hindi ito naisakatuparan sa pagbuo ng nasabing pinta. Masasalamin pa rin sa kanyang muralyang binuo ang kanyang opinyon at sariling pananaw sa kasaysayan. Sa pag-aaral na isasagawa, mahalagang makita ito at matukoy kung paano ipinahayag ni Botong ang kanyang mga ideolohiyang politikal sa paghubog ng kanyang naturang pinta gayundin ang naging konsiderasyon niya sa pag-unawa ng mga makakakita nito.

Maipapakita ng mga teorya nina Hans Slomp, Roland Barthes at Feorillo Demeterio ang kabisaan nito sa pagkakaroon ng mas malalim at komprehensibong pagpapakahulugan sa muralya.

### 1.3. **Metodolohiya**

Sa paghahanap ng imahe para sa obra ni Botong, personal na pumunta ang mananaliksik sa Pambansang Museo ng Pilipinas upang makita ng aktuwal ang natatanging pinta. Sinubukan ding kumuha ng mananaliksik ng malilinaw na retrato upang magkaroon personal na imahe. Naging gabay din ng mananaliksik ang bidyo na binahagi ng kanyang tagapayo na naglalaman ng birtuwal na pagtalakay sa nasabing muralya. May aprubadong kopya rin ang mananaliksik galing sa isang website na naglalaman ng high resolution na imahe ng bawat panel.

Gagamitin ng mananaliksik ang dalawang teorya sa pagsusuri at pagkilala ng mga ideolohiyang politikal ng muralyang Filipino Struggles Through History ni Botong: ang semiolohiya ng Pranses na kritiko na si Barthes (1915-1980) at ang ideolohikal na spectrum na binuo ng Alemang politikal na teoristang si Hans Slomp (isinilang 1945) na iminodipika ni F.P.A Demeterio. Sa tulong ng semiolohiya ni Barthes, matutukoy sa muralya ang mga kubling historikal at kultural na icon at ang hatid nitong mga ideolohiya lalo higit ang isyung panlipunang nakakabit sa bawat imahe. Sa pamamagitan naman ng modipikadong ideolohikal na spectrum nina Slomp at Demeterio, magkakaroon ng kategorisasyon at maiipapakita ang kinahihiligan ng mga political na ideolohiya buhat sa mga natukoy na historikal at kultural na icon.

Kilala si Roland Barthes sa teoryang semiolohiya na mababasa sa kanyang librong *Mythologies* na batay sa konsepto ng *Sign* ni Ferdinand de Sausssure. Sa naunang pag-aaral ni Ferdinand de Saussure, ang sign ay binubuo ng signifier, o ang biswal o acoustic na imahe at signified, o ang konsepto o mental na imahe. Halimbawa, ang *sign* na "aso" ay binubuo ng signifier na pasulat o pabigkas na salitang "aso," at ng *signified* na konsepto ng aso. Sa pagpapalawig ni Barthes, nagkaroon siya ng sariling pagkokonteskto kung saan ipinakita niya sa kanyang ilang pag-aaral na ang ilang sign ay tumatayo bilang signifier sa isang panibagong signified. Halimbawa, ang imahen ng barbed wire ay maaaring intindihin bilang barbed wire, ngunit maaari din itong intindihin bilang *sign* ng panggigipit at karahasan ng isang rehimen. Ipinakita sa kanyang pag-aaral ang mga espesyal na sign na ito ay daan sa pagsiwalat ng mga ideolohikal na bagahe ng isang tanda. Sa magiging pag-aaral, tatawaging icon ang mga espesyal na sign at susubukang ipakita ang mga diskursong ideolohikal na nakapailalim pa sa muralyang ito.


Mula sa pag-aaral ni Hans Slomp, ang x-axis ay tumutukoy sa pagiging progresibo patungo sa pagiging konserbatibo. Ang progresibong tumutukoy sa pagnanais na mabago ang lipunan; ito ay kasalungat ng konserbatibo na nagnanais mapanatili ang kasalukuyang sistema. Ang bahaging ito ang minodipika at pinalawig ni Demeterio upang mas bigyan ng kongkretong pagpapaliwanag. Ang mas artikuladong isptektrum ay binigyan ng (distinction) bilang radikal - liberal - moderate - konserbatibo - reaksiyonaryo. Ang nabuong y-axis ni Slomp ay hindi na binigyang pagbabago ni Demeterio. Sa bahagi ng

y-axis ni Slomp, inirepresenta nito ang pagiging awtoritaryo patungo sa pagiging libertaryo. Ang awtoritaryo ay tumutukoy sa labis na pagbibigay halaga sa estado samantalang sa libetaryo ay pumpatungkol sa labis na pagpapahalaga sa indibiduwal.

Nabuo ang walong ideolohikang politikal na buhat sa nabuong modipikadong ideolohiyang ispektrum. Ito ay ang mga sumusunod: libertaryanismong radikal, awtoristarismong radikal, libertayanismong liberal, awtoristarismong liberal, moderate, libertaryanismong konserbatibo, awtoristarismong konserbatibo at reaksiyonaryo

**Pigura 1**

*Ang Ideolohikong Ispektrum na may Dalawang Dimensiyon na Unang Binuo ni Slomp at Minodipika ni Demeterio*




Ang libertaryanismong radikal ay may paninindigang "pumapabor sa mabilisan at malalimang progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal" (Demeterio). Isang halimbawa nito ang sosyalismong demokratiko na nakabatay sa Marxistang prinsipyong "matapos ang rebolusyon ng proletarya, dapat pamunuan ng isang demokrasya ng masa ang lipunan" (Demeterio, 20). Ang awtoristarismong radikal ay may paninindigang "pumabor sa mabilisan at malalimang progresibong pagbabago habang nagpapahalga sa panlipunag kontrol at sa estado" (Demeterio, 20). Isang halimbawa nito ang komunismo na nakabatay sa Leninistang pananaw na "matapos ang rebolusyon ng proletarya, dapat pamunuan ng isang diktadurang awtoritaryo ang lipunan (Demeterio, 20). Ang libertaryanismong liberal ay may paninindigang "pumapabor sa kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago

habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal" (Demeterio, 20). Isang halimbawa nito ang ideolohiya ng klasikong liberalismong "naniniwalang umaapi sa mga tao ang estado kaya dapat limitahan ang kapangyarihan at kontrol nito" (Demeterio, 20). Ang awtoritarismong liberal ay may paninindigang "pumapabor sa kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado" (Demeterio, 21) Isang halimbawa nito ang ideolohiya ng kontemporaneong liberalismong "naniniwalang kailangan pa rin ng estado ang pagsasaayos at pag-oorganisa ng mga gawain at inisyatiba ng mga indibidwal" (Demeterio, 21).

Ang pagiging moderate ay may paninindigang pumapabor sa mabuting pagtimbang ng pangangailangan ng pagbabago at ng mga benepisyo ng kasalukuyang kaayusan. Sa kagustuhan ng paninindigang itong masuring mabuti ang magkabilang panig ng bawat usapin, napagpasiyahan ni Demeterio na walang masyadong kabuluhang magsagawa pa ng distinsiyon sa pagitan ng pagiging moderate na libertaryo at moderate na awtoritaryo (Tingnan sa Demeterio, 21). Ang paninindigang libertaryanismong konserbatibo ay "pumapabor sa kasalukuyang kaayusan habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal" (Demeterio, 21). Isang halimbawa nito ang makakanang liberalismong umiiral sa Europa at Hilagang Amerika (Demeterio, 21). Ang paninindigang awtoritarismong konserbatibo ay "pumapabor sa kasalukuyang kaayusan habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado" (Demeterio, 21). Pinakamasahol na halimbawa nito ang ideolohiya ng pasismo (Tingnan sa Demeterio, 21). Ang paninindigang reaksiyonismo ang "pumapabor sa isang retrogresibo o paurong na pagbabago" (Demeterio, 22) Sa kagustuhan ng paninindigang itong balikan ang lumang kaayusan, napagpasiyahan rin ni Demeterio na walang masyadong kabuluhang gagawa pa ng distinsiyon sa pagitan ng reaksiyonaryong libertaryanismo at reaksiyonaryong awtoritarismo (Tingnan sa Demeterio, 22).

May tatlong substantibong seksyon ang pagsusuri ng ideolohiyang politikal ng kaliwang panel ng obrang *Filipinong Struggles Through History* ni Botong. Una, ang naging pagmamapa sa mga icon na taglay ng bawat seksyon ng kaliwang panel. Ikalawa, semiotikong pagsusuri sa mga icon. Ikatlo, ang naging kongklusyon sa binuong pagsusuri.

## 1.4. **Ideolohiyang Politikal ng Kaliwang Panel**

Ang kaliwang panel ay binubuo ng labinganim na seksyon batay sa pagsusuri ni Demeterio. Tinalakay ng bahaging ito ang kalagayan ng mga katutubo pre-kolonyal hanggang sa mahahalagang tagpo sa kasaysayan ng Pilipinas nang gitnang bahagi ng ikalabingsiyam na siglos sa kolonyalismong Espanyol.

**Imahen 1**

*Kaliwang Panel sa Obrang Filipino Struggles Through History ni Botong (Filam Tribune)*



**Pigura 2**

*Biswal na Pagmamapa sa mga Cluster ng Icon na Nilalaman ng Kaliwang Panel na Binuo ni Demeterio*




Ayon sa pigura 2, may 16 na cluster ng icon ang nasabing bahagi ng muralya: A) Komersyong Pre-kolonyal sa kalakhan ng Maynila, B) Pagpapalaganap ng Relihiyong Islam, C) Paghahatid ng Signos, D) Pagpapalawak ng Kolonyalismong Espanyol sa Lungsod ng Maynila, E) Paggamit ng Katolisismo sa Kolonyalismo, F) Paggamit ng Dahas sa Kolonyalismo, G) Sanduguan sa pagitan ni Rajah Sulayman at Miguel Lopez de Legazpi, H) Paglusob ng Piratang si Limahong sa Maynila, I) Pagpapatibay ng Lungsod ng Maynila, J) Labanan sa La Naval de Manila, K) Pagsisimula ng ilang mga Pag-aalsa sa Pilipinas, L) Pagsalakay ng Britanya sa Pilipinas, M) Tugon ni Haring Carlos IV sa Endemya, N) Pagsisimula ng Limbagan sa Pilipinas, O) Kalakalang Galyon, P) Mga Makasaysayang Pagyanig.

**Talahanayan 1**

*Mga Tiyak na Icon ng Kaliwang Panel sa Obrang Filipino Struggles Through History ni Botong*

| Cluster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Cluster A**: Komersyong Pre-Kolonyal sa Kalakhan ng Maynila | Ilang daang taong lumipas bago dumating ang mga Kastila, masigla at maayos ang pakikipagkalan ng mga Pilipino sa mga karatig na bansa lalo higit sa bansang Tsina. Mababatid na ang kabisera ng Maynila ay bahagi ng sinasabing *Southeast Asian Trade Route* ng Tsina. Sinasabing sa mga banyagang pumunta sa Pilipinas, ang mga Intsik ang nanatiling matibay sa pangangalakal at pamumuhay. Isa sa kanilang dahilan ay ang pagkagiiliw nila sa pagiging tapat ng mga Pilipino sa kanilang mga transaksyon. Sa matagal na pakikipag-ugnayan sa mga Instik, malawak ang kanilang naging impluwensiya sa kultura at buhay ng mga Pilipino. | • Mga Sasakyang Pandagat tulad ng Karabel at Balanghay<br>• Wooden Palisade<br>• Mga kagamitan tulad ng espada, silk, seramiko, at indigo.<br>• Imahen ng Rajah at Reyna na nakaupo habang pinapakinggan ang isang Instik na mangangalakal<br>• Mga Arabikong nakatingin sa pagsasalin ng tubig tungo sa banga<br>• Ang mga Intsik na nasa itaas ng sampan na nagbibigay ng hudyat ng kanilang pagdating.<br>• Mga aliping Pilipino nasa likod ng rajah |
| **Cluster B:** Pagpapalaganap ng Relihiyong Islam | Alinsabay sa paglaganap ng relihiyong Islam ang pagkilala sa Islamikong institusyong pampolitikal. Pinaniniwalaang ang bagong sistemang pampolitikal ay naging daan sa malalim na pagmamahal sa relihiyon at pagsilang ng isang Muslim na lipunan. Mula sa Mindanaw, dinala ni Sultan Kabungsuan ang Islam sa pulo ng Kabisayaan hanggang sa baybayin ng Batangas at Maynila. Ilan sa mga malalakas na pinunong Muslim sa Maynila ay sina Rajah Sulayman at Rajah Matanda. | • Imahen ng Muslim na nakasuot ng turbang nangangaral sa mga katutubong Pilipino ukol kay Allah. |

| Cluster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Cluster C:** Paghahatid ng Signos | Ang instrumentong yari sa kabibe o budyong kung tawagin ay ginagamit ng mga katutubong Pilipino sa pagbibigay hudyat sa pagsisimula ng pagdiriwang o kasiyahan. Gayunpaman, nagbibigay alerto rin ito sa isang bayan ukol sa paparating na kalamidad. Para sa konteksto ng pakikipagdigma, naghahatid ito ng signos sa paparating na mga kaaway. | • Bahagi ng Pilipinong barko na may sakay na mga katutubong umiihip ng malakas sa malalaking kabibe para magbigay senyales |
| **Cluster D:** Pagpapalawak ng Kolonyalismong Espanyol sa Lungsod ng Manila | Matapos mabalitaan ni Legazpi na ang Maynila ay isang maunlad at masaganang bayan, kaagad niyang pinadala sina Martin de Goiti at ang apo na si Juan de Salcedo sa isang ekspedisyon. Pagdating nila sa lugar, nagpaputok ng kanyon sina de Goiti bilang hudyat sa kanilang pagdating. Kinonsidera naman ito ni Sulayman bilang pambabastos kung kaya nagpadala si Rajah Sulayman ng kanyang mga mandirigma at nakipaglaban sa hukbo nina de Goiti. Ang sunog ay sumisimbolo sa mahigpit na pagkondena ni Sulayman sa kolonyalismong Kastila. Dahil sa kabila ng pagkatalo inutos niya sa kanyang kampon na sunugin ang Maynila upang hindi ito mapakinabangan ng mga Espanyol. | • Imahen ni Rajah Sulayman kasama pa ang ibang mandirigmang katutubong Pilipino<br>• Halamang Nilad sa paahan ni Rajah Sulayman<br>• Mga Pilipinong may hawak na sulo<br>• Isang malaking imahen ng sunog |

| Cluster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Cluster E**: Paggamit ng Katolisismo sa Kolonyalismo | Nagsilbing tulay ng mga Kastila ang Katolisismo sa mabilisan at malawakang pagpapalaganap kanilang kultura at pananakop. Naging mabilis ang paglawig nito sa Pilipinas sapagkat walang sentralisadong relihiyon umiiral sa mga panahong ito maliban sa relihiyong Islam sa Mindanao. Mababatid din ang pantay na kapangyarihan sa pagitan ng simbahan at estado sa pamamahala ng bansa kung kaya't naging madali ang pang-aabuso ng mga prayle sa mga Pilipino. | • Prayleng Espanyol na may hawak na krus na kahoy<br>• Mga Pilipinong nakaluhod sa harapan ng krus na kahoy<br>• Karabela |
| **Cluster F:** Paggamit ng Dahas sa Kolonyalismo | Mula sa Maynila, umakyat sila pataas mula Hilaga hanggang sa Timog ng Luzon upang tuluyang sakupin ang mga teritoryong hindi pa napapasailalim ng kanilang kapangyarihan lalo higit sa sa mga hindi pa naaabot ng kanilang relihiyon. Naipakita sa mga armas na kanilang hawak ang bentahe at ang lakas ng kanilang mga sundalo. | • Mga Espanyol na sundalo na may hawak na mga armas na nasa porma ng pagsalakay<br>• Mapa ng Luzon |
| **Cluster G:** Sanduguan sa pagitan ni Rajah Sulayman at Miguel Lopez de Legazpi | Sa mga gintong kopita na hawak nina Lopez at Legazpi, masasalamin ang simbolismo ng sanduguan ng dalawang pinuno. Nakita ni Lakandula ang lakas ng mga Kastila kung kaya hinikayat niya si Sulayman na tuluyang tanggapin ang mga inaalok ng Kastila. Sa abo ng kaharian ni Sulayman, naitatag ni Legazpi ang kolonyal na lungsod ng Maynila. Ipinakita rin ang selyong nakalagay sa bungad ng Maynila, ang kastila representasyon ng kaharian ng Espanya at dugong bilang kolonyal na gobyerno ng Espanya. Ang lungsod na ito ay binigyang karangalan. | • Selyong binuo ng Espanya para sa Lungsod ng Manila<br>• Imahen nina Rajah Sulayman at Miguel Lopez de Legazpi na may mga hawak ng gintong kopita<br>• Mga iba pang Pilipinong naglilingkod na may palayok sa taas |

| Cluster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Cluster H:** Paglusob ng Piratang si Limahong sa Manila | Maituturing na ang pagsalakay ni Limahong ang unang naging banta sa kolonyalismo ng mga Kastila noong 1574. Ninais ni Limahong na sakupin ang Luzon dahil nakita niya ang potensyal nito sa pagtatayo ng kanyang kaharian. Nakarating kay Limahong ang impormasyon na Maynila ang bagong siyudad ng mga Kastila kung kaya't mahina pa ang proteksyon nito. Sinubukang agawin ang naturang lungsod ngunit dalawang beses nabigo ang pirata. | • Imahen ni Limahong at isa pang sundalong Intsik<br>• Mga imahen ng sundalong Espanyol sa ibaba ni Limahong<br>• Mga taong nakahandusay<br>• Mga ilang sundalong Instik na may tinutulak |
| **Cluster I:** Pagpapatibay ng Lungsod ng Maybila | Buhat sa mga banta ng pananakop at mga sakuna, nakita ang pangangailangang patibayin ang lungsod. Sa pamamagitan ng plano ng Heswitang si Antonio Sodenio at pamamahala ni Gobernador Heneral Santiago De Vera, nabuo ang Intramuros o mas kilala sa bansag na lungsod na nakapaloob sa mga pader. Mas naisakatuparan lang ni Gobernador Perez Dasmarinas ang naging plano dahil siya ang nag-utos na tuluyang palibutan ang lungsod ng mga pader tugon na rin ito sa pagbabanta ng pinunong Hapones na si Hidesyoshi.<br><br>Bukod pa rito, sinalamin din ng Intramuros ang pang-aabuso sa mga Pilipino sapagkat kahit sila ang nagtayo ng lugar, tanging ang mga Kastila lamang ang nakapasok at nakinabang rito. Ipinakita ng mga nagsisitaasang pader kung gaano rin kataas ang agwat sa kanila ng mga Kastila kung kaya't ang katulad nilang mahihirap ay namamayani lamang sa labas nito. | • Imahen ni Gobernador Gomez Perez Dasmarinas habang<br>• Mga Pilipinong bumubo ng Intramuros<br>• Lumang mapa ng Intramuros<br>• Imahen ng isang prayle at isa pang Espanyol na may hawak na mapa ng Intramuros |

| Cluster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Cluster J:** Labanan sa La Naval de Manila | Sa mga unang taon ng 1646, tila magkakasunod ang mga hindi magandang pangyayari sa Manila dahil pagkatapos ng malakas na lindol ay nabalitaan nila ang napipintong pagsalakay ng Olandes. Mula sa mga maraming bilang ng barko ng mga Olandes, tanging 2 lumang galyon lamang ang naipadala ng mga Kastila. Himalang maituturing ang pagkapanalo ng limang beses ng mga Kastila kung saan tinatanaw naman nila bilang pagkakautang sa Birhen ng La Naval. Bilang pagtupad sa kanilang pangako, lumakad ng nakayapak ang mga marinero sa paanan ng Santo Rosario (kalaunan tinawag na La Naval). Naging buhay na patotoo ang pangyayaring ito sa pananampalataya at diwa ng Katolikong Manila. | • Isang barko at ang nasa itaas ay ang imahen ng Birhen ng La Naval |
| **Cluster K:** Pagsisimula ng ilang mga Pag-aalsa sa Pilipinas | Sa matagal na pananakop ng mga Kastila, mahigit 200 pag-aalsa ang naganap sa iba't ibang panig ng bansa. Sa lahat ng naitalang pag-aalsa, ang pakikipaglaban ni Dagohoy ang nagmarka sa kasaysayan dahil sa naging tagal at tagumpay ng kanilang rebolusyon. Kapansin-pansin ang pinatay na mga prayle sa nasabing seksyon kung saan pagpapakita lamang nito nang labis na pagkamuhi ng mga Pilipino sa lubos na pang-aabuso ng mga prayle sa kanila. | • Mga mandirigmang Pilipino at ang isa rito ay may tangay na ulo ng isang prayle<br>• Isang nakahandusay na prayle at sa likod nito ay isang krus |

| Cluster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Cluster L:** Pagsalakay ng Britanya sa Pilipinas | Ang paglusob ng mga Inggles sa Maynila ay isang pagsubok sa Kastila na hindi nila nagawang mapagtagumpayan. Buhat sa pitong digmaan sa Europa, nagtulak ito sa Britanya na salakayin ang mga Kastila sa Maynila. Sa kanilang pamamalagi, nagsilbing himpilan ng mga Inggles kasama ang mga Indian Sepoys ang simbahan ng Remedios sa Malate. Nagtagal lamang ng isang taon ang pananakop ng Inggles dahil sa naging kasunduan sa Paris ngunit tiniyak nilang makikinabanang sila sa yaman ng lugar. Kinuha nila ang lahat ng pera ng pamahalaan at simbahan gayundin ang mga ginto at pilak na kagamitan sa kumbento. Lingid naman sa kaalaman ng mga Kastila, ang kalbaryo nila'y hindi natapos sapagkat minulat nito ang mga Pilipino na ang mga imahe ng mga Kastila na mga malalakas at kailanma'y hindi matatalo ay tuluyang nabura. | • Simbahan ng Remedios sa Malate<br>• Mga Sundalong Inggles<br>• Watawat ng United Kingdom<br>• Mga Sundalong Kastila<br>• Mga Indian Sepoys<br>• Isang sundalong Inggles na may binuksang ataul na may lamang bangkay |
| **Cluster M:** Tugon ni Haring Carlos IV sa Endemya | Sa mga lumalalang kaso ng bulutong sa Maynila, ipinadala ni Haring Carlos IV ang ekspedisyong pinamumunuan ni Balmis para solusyunan ang epidemya. Katuwang ni Balmis ang 25 ulilang mga bata buhat sa bahay-ampunan sa Mexico na nagtataglay ng imunisasyon sa sakit. Bahagi sa plano ni Balmis ang pagbabakuna para sa imunisasyon ng sakit at makapagbahagi ng kaalaman sa larangan ng medisina sa Pilipinas. Para naman sa pagkilala sa ginawang kabutihan ng hari, itinayo ang monumento ni Haring Carlos IV sa Plaza del Palacio ( Plaza Mckinley). | • Tansong rebulto ni Haring Carlos IV<br>• Isang Kastilang doctor<br>• Mga Pilipinang kapit ang kanilang mga anak |

| Cluster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
| --- | --- | --- |
| **Cluster N:** Pagsisimula ng Limbagan sa Pilipinas | Nagmarka ang pangalan ni Tomas Pinpin sa Palimbagang Pilipino sapagkat siya ang kauna-unahang Pilipinong manlilimbag. Noong 1610, inilimbag niya ang aklat ni Padre Francisco Blascas de San Jose na pinamagatang "Vocabulario de Lengua Tagala." Ang kanyang ginawa ay nagkaroon ng malaking tulong sa inang wika sapagkat ito ang unang aklat na nailimbag sa Tagalog. Halos 15 libro ang naimprenta ni Pinpin-pagpapakita lamang kung gaano karami at kalaki ang naging ambag niya sa palimbagang Pilipino. | • Imahen ng isang Intsik na Ladino si Tomas Pinpin |
| **Cluster O:** Kalakalang Galyon | Ang Maynila Acapaulco Trade o mas kilala sa tawag na "Kalakalang Galyon" ay kinilalang may pinakamahabang rutang pangkalakalan sa kasayayan. Isinasakay sa mga barkong galyon ang mga kalakal buhat sa Asya na binili sa murang halaga at dinadala sa Meksiko upang ipagbili sa mas mataas na halaga. Tumagal nang halos 200 taon ang ganitong uri ng pangangalakal, at sa buong tanang ng kanilang paglalakbay ay nakakabit ang pigura ng Mahal na Birhen ng Kapayapaan at Mabuting Paglalakbay sa kanilang mga barko para sa ligtas na paglalakbay. Sa loob ng panahong ito, masasabing malaki ang kinita ng Espanya sa monopolyo ng pangangalakal habang pinabayaan nila ang mga Pilipino. Hindi umunlad ang kabuhayan ng mga Pilipino dahil nakatuon lamang sila sa paggawa ng barkong galyon at paglikha ng mga materyales na ikakalakal. Maihahalintulad ito bilang unang porma ng globalisasyon dahil tanging mga mayayaman at malalaking bansa lang ang nakikinabang at kumokontrol. | • Imahen ng Mahal na Birhen ng Kapayapaan at Mabuting Paglalakbay<br>• Mga imahen ng mga Principalia<br>• Kulay gintong barko<br>• Mga kalakal |

| Cluster | Koneksiyon sa Kabuuang Tema ng Obra | Mga Tiyak na Icon |
|---|---|---|
| **Cluster P:** Mga Makasaysayang Pagyanig | Niyanig ng malalakas na lindol ang kalakhang Maynila at iba pang panig ng bansa noong mga taong 1645, 1863, at 1880. Mababatid sa tala ng kasaysayan ang Intensity 10 na lindol nang 1880 ang pinakamalakas sa tatlong taong nabanggit kung saan pinabagsak nito ang kampanaryo ng Maynila. Maraming mga nangamatay na Espanyol at mga Pilipino sa mga naitalang lindol. Bukod sa mga nasirang simbahan, napinsala rin ng mga lindol ang mga imbakan gayundin ang palasyo ng gobernador-heneral. Pagpapatunay na ang mga ganitong kalakas na lindol ay posibleng mangyari sa bansa. | • Pagtumba ng bahagi ng kampanaryo<br>• Imahen ng mga lumilikas na mamamayan |

Ang kaliwang panel ay naglalaman ng mga tagpo sa panahon ng pre-kolonyal hanggang sa kolonyalismong Espanyol buhat sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo. Ang Cluster A, B, at C ay pagpapakita sa pamumuhay ng mga Pilipino bago mapasakamay ng kolonyalismong Espanyol. Sinasalamin nito ang umiiral na sistema ng pamahalaan at moda ng mga pangkabuhayan gayundin ang mayamang pakikipagkalakalan sa pagitan ng mga ibang mangangalakal na dayuhan. Sa konteksto naman ng relihiyon, ipinakita ang pagdating ng relihiyong Islam sa kalakhan ng Maynila kung kaya hindi nakakapagtakang mayroong mga Muslim na mga rajah ang lugar. Maliit man ang naging porsyon ng panahong pre-kolonyal sa buong panel, hindi maiikubling may sariling kaayusan at sibilisado na ang mga Pilipino bago pa man dumating ang mga Espanyol. Nagbigay naman ng premonisyon ang Cluster C kung saan ang pagpapatunog sa badyong ay hudyat ng paparating ng isang malaking sigwa- ang mga Espanyol. Ang malalaking imahen nina Rajah Sulayman at Miguel de Legazpi, na nasa mga Cluster B at G, ay kinikilalang mga pinuno na nagkaroon ng malaking bahagi sa kasaysayan ng kalakhan ng Maynila. Kapansin-pansin ang pagbabago ng ekspresyon ng mukha ni Sulayman sa dalawang nabanggit na cluster, mula sa matapang na ekpresyon sa Cluster B tungo sa malungkot na imahen niya sa Cluster G. Pinapahiwatig nito ang matapang at buong

loob ng rajah na pagtatanggol sa kanyang lugar ngunit napalitan ng kalungkutan at kalugmukan dahil tila wala na siyang nagawa sa lakas ng mga Kastila kundi pumayag at tuluyang pakawalan ang kanyang pinaghaharian. Ang Cluster E at F ay mga ginamit na pamamaraan ng mga Kastila sa kanilang pananakop. Ang krus na nasa Cluster E ay simbolismo ng relihiyong Katolisismo, isa sa maituturing na mabigat na impluwensiya ng Espanyol sa bansa ngunit sa kasamaang palad ay ginamit para mahikayat ang mga Pilipinong mapaniwala sa kolonyalismong Espanyol. Ang espada na masisilayan sa Cluster F ay pagpapakita ng lakas at dahas na handang ipakita ng Espanyol sa oras na hindi sumang-ayon sa kanilang inaalok ang mga katutubo.

Kinukwento naman ng Cluster H, J, at L ang mga naging banta sa pamamahala ng mga Kastila sa Pilipinas. Pagpapahiwatig lamang nito na maraming bansa ang naghahangad sa tinataglay na ganda at kayamanan ng Pilipinas. Ang Cluster P ay nagsasalaysay ng matitinding sakuna sa buhay ng mga Pilipino at Kastila kung saan ang mga malalakas na pagyanig ay nagdala ng malaking suliranin sa kanilang pamumuhay. Makikita naman sa Cluster I at O ang barkong Galyon at Intramuros na parehong proyekto ng mga Kastila para sa aspektong pang-ekonomikal at militar. Higit pa rito, pagpapahiwatig din ng pang-aabuso at panlalamang sa mga Pilipino sapagkat sapilitan silang pinagtrabaho para mabuo ang naturang gusali at barko ngunit tanging Kastila lamang ang nakinabang. Ang Cluster K ay pagpapaalala sa naging pagtindig ng mga Pilipino laban sa mapang-abusong mga Kastila lalo higit sa mga prayle. Bago pa ang himagsikan nina Bonifacio, pinatunayan ng mga ninuno na hindi lamang basta sila naging sunod-sunuran, sa halip sinubukan nilang tumayo para sa bayan. Binali naman ng Cluster M at N ang ideolohiyang pagpapakasakit lang ang binigay ng mga Kastila dahil ipinakita nito ang mga positibong kontribusyon ng Espanyol.  Isinalaysay ng Cluster M ang hatid na bakuna ng mga Espanyol sa Pilipinas laban sa lumalalang kaso ng bulutong at naging kontribusyon nila sa pagpapalawig ng kaalamang medikal ng Pilipino. Habang ang Cluster N lamang ang bahagi ng anakronistiko sa buong obra, sinalamin nito ang kasaysayan ng palimbagan sa Pilipinas sa pamamagitan ng imahen ng prinsipe ng manlilimbag na si Tomas Pinpin, tinuruan at hinasa ng mga Espanyol sa lente ng paglilimbag.

Kung ilalapat ang x modipikadong spectrum nina Slomp at Demeterio, matutunghayan ang tatlong paninindigan sa kaliwang


panel. Una, ang pagiging konserbatibo na nakita sa Cluster D dahil sa pagkondena ni Sulayman sa kolonyalismong Espanyol, sa kagustuhang panatilihin ang kasalukuyang estado ng kanyang lugar. Ikalawa, ang pagiging liberal na sinasalamin ng Cluster K sapagkat ang mga pag-aalsa ay paghingi ng mga reporma sa pagbabago sa pamamahala ng mga Espanyol lalo na sa pamamalakad ng mga prayle. Ikatlo, ang pagiging moderado bilang dominanteng ideolohiya ng panel sapagkat isinasaad lamang ng iilang seksyon ang galaw ng lipunan sa aspektong politikal at ekonomikal sa panahon ng Kastila partikular ang konsepto ng tradisyunal na pakikipagkalakalan sa Pilipinas. Dagdag pa rito, ang pagbabago ng pulso ni Sulayman kung saan mula sa buong loob na pagtatanggol sa kanyang lugar hanggang sa tuluyang pagtanggap sa gobyernong Kastila. Kapansin-pansin ding dalawang seksyon lang ang nagpakita ng pagtindig ng mga ninuno, pagpapakita na karamihan sa mga tagpo sa muralya ay nanatiling tikom ang bibig ng mga Pilipino at patuloy ang pagtalima sa mga ordinansa ng Kastila.

Kung ilalapat ang modipikadong spectrum nina Slomp at Demeterio, mananaig ang pagiging awtoritaryo nito sapagkat sa pagiging kritikal ng muralya sa kakayahan ng pamahalaang Espanyol sa pagsugpo sa mga suliranin ng bansa lalo higit ang mga personal na suliranin ng mga ninuno. Makikita rin sa muralya ang pagkakaroon ng malaking bahagi ng estado sa naging pagpapahirap na dinanas ng mga mamamayang Pilipino. Sinasalamin nito ang kahingian sa pagbabago at paghingi ng mga reporma sa pamamahala ng Kastila.

Sa modipikadong spectrum nina Slomp at Demeterio, masasabing nasa moderado ang kabuuang ideolohikal na paninindigan ng kaliwang panel sa obrang "Filipino Struggles Through History," at biswal na ipinapakita ito ng pigura 3.

**Pigura 3**

*Ideolohikal na Paninindigan ng Kaliwang Panel ng Obrang Filipino Struggles Through History*




## KONGKLUSYON

Matapos suriin ng mananaliksik ang kaliwang panel ng obrang Filipino Struggles Through History ni Carlos V. Francisco, natukoy ng mananaliksik ang mga ginamit na imahen at naging representasyon nito sa bawat seksyon. Naipakita rin sa naging pagsusuri ang kabuang ideolohikal na paninindigan sa napiling panel. Hindi man malay ang pintor sa mga nakuhang pagpapakahulugan buhat sa naging pagsusuri-naging mainam pa rin ang naging pagsusuri mula sa mga batayang kaalaman ng mananaliksik sa kasaysayan, mga binasang materyales, at mga pinanood na bidyong pangkasaysayan.

Sa pagsusuring nabuo ng mananaliksik, makikita sa maliit na porsyon ng pre-kolonyal ang positibong kultura at mayamang tradisyon ng mga Pilipino. Habang nailarawan ng mga kabuuang bahagi ng kaliwang panel ang pagsisimula ng kolonyalismong Espanyol sa Maynila gayundin ang mga naging balakid sa kanilang pamamahala na naging bahagi ng kasaysayan ng lugar. Binigyang-diin din ng bawat imahen sa bawat seksyon ang mga naging hatid na pagbabago ng mga Kastila at ang naging implikasyon nito sa pamumuhay ng mga Pilipino. Masasabing naging balanse ang muralya sa pamahalaang Kastila sapagkat kahit malay ang lahat sa naging pagpapakasakit ng mga Espanyol sa bansa, naipakita pa rin ng ilang seksyon ang positibong kontribusyon ng mga

Espanyol sa pamumuhay ng mga Pilipino. Naniniwala ang mananaliksik na ang kaliwang panel ng obrang "Filipino Struggles Through History" ni Botong ay nasa moderado ang ideolohiyang politikal. Bunsod sa paghahangad ng muralya na maitampok ang naging galaw ng lipunan sa loob ng iba't ibang panahon lalo higit ang naging pagbabago sa buhay ng mga ninuno. Bakas ang mga katiwalian at pang-aapi sa mga Pilipino ngunit mapapansin na hindi buo ang pwersa ng Pilipino sa paglaban dahil sa kolonisasyong Espanyol.

Napatunayan ng pananaliksik na ito na marapat kondenahin ang mababang pagtingin sa mga manlilikhang sining gayundin sa kanilang mga obra dahil ang mga ito ay produkto ng kasaysayan. Ito ay may taglay na kabuluhang maaaring makatulong sa isang lipunan tulad ng mga ambag na ideolohiya-maaaring gabay sa lubos na pagkaunawa ng isang indibiduwal sa kanyang kasalukuyang estado lalo higit sa ginagalawang lipunan. Ito rin ay isa sa mga buhay na patotoo tugon sa mga nagpapakalap ng maling impormasyon ukol sa kasaysayan. Sinasalamin nito ang katotohanang dapat malaman ng lahat upang maging malay sa kasalukuyang lipunan. Mga katotohanang magiging basehan sa pagbuo at pagtaguyod ng lipunan sa hinaharap.

## TALASANGGUNIAN


Agoncillo, Teodoro A. *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino.* 2nd ed., Garotech Publishing., 1981.

Chua, Xiao. "Xiao Talks: Carlos "Botong" Francisco, tagapagkuwento ng kasaysayan at kulturang Pilipino." *Youtube,* uploaded by Xiao Chua, 28 July 2020, https://www.youtube.com/watch?v=Wsk2ZG9Z6Xs&t=103s. Accessed 28 May 2022

Chua, Xiao. "Xiao Talks: Sa Wakas! Ang Paliwanag Sa Likod Ng Mahabang Mural Ni Botong Francisco." *Youtube,* uploaded by Xiao Chua, 22 April 2022, https://www.youtube.com/watch?v=XFo2Gwu7Zgw&t=4348s. Accessed 31 May 2022.

Demeterio, Feorillo P. III, "Looking at Botong Francisco from the Horizon of Diego Rivera: A Visual Dialogue between Two Modern Muralists." *Philippiniana Sacra*, vol. XLVIII, no. 144, 2013, pp. 299-328.

Demeterio, Feorillo., III and Joshua Mariz Felicilda. "Ang mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa Rosales Saga ni F. Sionil Jose (The Political Ideologies within The Rosales Saga of F. Sionil Jose)." *Humanities Diliman*, vol. 16, no. 1, 2019, pp. 110-133.

Demeterio, Feorillo P., III, and Melanie D.P. Turingan. "Ang Daynamiks Ng Mga Historyograpiyang Nakapaloob Sa Mga Obrang Pinturang Relihiyoso-Historikal ni Carlos "Botong" Francisco (The Dynamics of the Historiographies within the Religious-Historical Paintings of Carlos "Botong" Francisco)." *Humanities Diliman,* vol. 14, no. 1, 2017, pp. 91-116.

Francisco, Carlos Modesto V. *Filipino Struggles Through History*. 1962, National Museum, Philippines. "Struggles for Botong Francisco's Maynila Painting," by Filam Tribune, 2020, https://filamtribune.com/botong-francisco-mural-painting-filipino-struggle-history-manilapanels/. Accessed 8 June 2022.

Halili, Maria Christine N. *Philippine History.* 2nd ed., Rex Bookstore, Inc., 2010.

Juan, Ma. Florina O. "Mga Epidemya at Pandemya sa Pilipinas mula sa Dantaon 19 hanggang Kasalukuyan: Pagsipat mula sa Perspektibang Pangkasaysayan." *Dlsu Arts Congress,* issue no.5, 2021, https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/conferences/arts-congress-proceedings/2021/pkpp-01.pdf. Accessed 31 May 2022.

Saul, Aileen Joy G. "Ipinintang Kamalayan Ukol Sa Kapayapaan: Pagbasa sa Imahe ng mga Likhang Mural Ng Kolehiyong Mag-aaral Ng De La Salle Lipa." *Dalumat Ejournal*, vol. 3, no. 1, 2012, pp. 96-104.

Zaragoza, Ramon Ma. *Old Manila.* Oxford University Press, 1990.

## ABOUT THE AUTHOR

CRISTY ALLEN L. SEROTE is a faculty member of the College of Arts, Sciences, and Education of Maryhill College, Inc. She obtained her Bachelor of Secondary Major in Filipino (cum laude) from Southern Luzon State University. She is currently finishing her MA in Philippine Studies at De La Salle University-Manila. Her research interests include gender studies, art criticism, hermeneutics, cultural studies, and Philippine studies.